9

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:3)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

# Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Natututkoy ang kahalagahan ng bawat tauhan sa nobela;
B. Naisusulat ang isang makabuluhan at masining na iskrip ng isang monologo tungkol sa isang piling tauhan; at
C. Nagagamit ang pang-uri sa pagbibigay ng katangian

# Unang Pagsubok

Makatutulong sa iyong pag aaral ang matiyak ang kaalaman mo sa paksang tatalakayin. Ito rin ang magiging batayan mo sa kung gaano ka kaalam sa paksang ito. Upang makatiyak at masukat ang iyong dating kaalaman, sagutin mo nang matapat ang pagsubok na ito.

A. Isulat sa patlang ang tsek (√) kung ang sumusunod na pahayag ay nagpapakita ng kahalagan ng tauhan bilang bahagi ng nobela ekis (X) naman kung hindi.

_____1. Nagbibigay buhay sa nobela at nagpapagalaw sa kuwento.
_____2. Ginagamit bilang simbolo o sagisag upang mas malinaw na maiparating ang mensahe ng nobela.
_____3. Kumakatawan sa layunin ng may-akda sa pagpapakita ng danas na nais ipakita sa akda.
_____4. Ipinakikita ng tauhan ang pagbibigay halaga sa kultura at tradisyon na kinabibilangan.
_____5. Naipararamdam ng tauhan ang karanasan, damdamin o mensahe sa nobela.

B. PANGALANAN MO

Hanapin sa loob ng kahon ang pangalan ng tauhang tinututukoy sa bawat pahayag na nakasulat sa ibaba at guhitan ang pang-uring ginamit sa paglalarawan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Maria Clara | Kapitan Tiyago | mag_aaral | Don Tiburcio | Elias |
| Padre Damaso | Pia alba | Padre Salvi | Tenyente Guevarra | Basilio |
| Donya Victorina | Pilosopo Tasyo | Crisostomo Ibarra | Cripin | Sisa |

1. Makisig na binatang kumakatawan at nangangarap para sa kinabukasan ng San Diego.
2. Mapagmahal na ina nina Crispin at Basilio at martir na asawa ng pabayang asawa.
3. Magandang dalaga na laging laman ng puso ni Crisostomo Ibarra na pinalaking maka-Diyos.
4. Magaspang ang pag-uugali, isang paring Pransiskano na nagpahukay at nagpalipat ng bangkay ni Don Rafael Ibarra sa sementeryo ng mga Intsik.
5. Kilala bilang magaling na bangkero at kaibigang tapat ni Ibarra.
6. Pilipinang mapagpanggap na ilitista. Napangasawa ng Espanyol na si Don Tiburcio.
7. Pransiskanong pari na may lihim na pagtingin kay Maria Clara. Kilala bilang mapanlinlang at ginagamit ang posisyon sa lipunan upang lumakas ang impluwensya sa lipunan.
8. Guardiya sibil, magalang at mataas ang respeto sa pamilya ng Ibarra.
9. Mapanlinlang at nag-aastang totoong manggagamot at naniningil ng mahal sa mga taong nagpapagamot.

10. Pilipinong kilalang ilitista, may mataas na posisyon sa lipunan, kaibigan ni Padre Damaso at Padre Salvi, ama at asawa ni Pia Alba.
11. Asawa at ina ng maganda at mayuming si Maria Clara.
12. Matandang tagapayo ng mga taong nakapag-aral sa San Diego. Tinatawag na pilosopo at baliw dahil sa kakaibang gawi o paniniwala.
13. Makisig na binata na nag-aaral ng abogasya at anak ni Sisa.
14. Bunsong kapatid ni Basilio at sakristan na pinagbintangang magnanakaw.
15. Pangkat ng mahuhusay na kabataan.

# Balik-Tanaw

Alalahanin ang nakaraang aralin. Tukuyin kung anong uri ng paglalarawan ang angkop sa bawat halimbawa. Pagtapat-tapatin: hanapin sa hanay B ang angkop na uri ng paglalarawan na ginamit sa pangungusap sa hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pinatutunayan ng mga datos na maraming indibidwal ang nakararanas ng diskriminasyon. | A. sariling pananaw |
| 2. Katangi-tangi ang taglay niyang ganda dahil una taglay niya ang makinis na kutis, pangalawa magandang hugis ng kaniyang katawan at pangatlo ang mapanghalina niyang ngiti dahil sa mapuputi niyang ngipin. | B. masining na paglalarawan |
| 3. Para sa akin mas mainam pa rin ang pag-ee hersisyo kaysa uminom ng gamot para pumayat. | C. teknikal na paglalarawan |
| 4. Ang bulkang Pinatubo ay pumutok noong Abril 2,1991 at ang pinakamalakas na pagputok nito ay noong Hunyo15,1991. Nagbuga ito ng 2.6 bilyong metro kuwadrado ng abo, bato at putik. Umabot ang abo nito sa “stratospheric jet zone” ng mundo. | D. Pag-iisa-isa |
| 5. Ang banayad ng paghampas ng alon sa dalampasigan ay tila nagbabadya ng maayos na paghihiwalay ng kanilang landas. | E. Karaniwang paglalarawan |

# Pagpapakilala ng Aralin

Ang tauhan ay isang elemento ng nobela o anomang akdang pampanitikan na isa sa pinakamahalaga dahil pinagagana nito ang imahinasyon ng mambabasa. Isinasabuhay nito ang ginagampanan sa pamamagitan ng kilos saloobin at mga pahayag ng matatalinhagang salita. Naipararating ng mga tauhan ang damdamin at layunin na nais iparating ng may-akda. Sa pamamagitan ng pagbibigay buhay nito. Ang kahalagahan at danas ng mga taong nasa likod ng nobela ay nararamdaman ng mga mambabasa nang mas epektibo kung angkop ang mga katangian ng tauhang magsasabuhay.

Ang kaangkupan ng mga ginamit na pang-uri o mga salitang naglalarawan ay nagpapatingkad ng kagandahan ng nobela at nagdadala sa ating imahinasyon sa panahong naganap ang nobela o kuwento. Ang pang-uri ay mga salitang

naglalarawan ng isang bagay, lugar, pook at pangyayari o maging kahalagahan ng isang tauhan sa akda.

**Apat na kayarian ng pang-uri**

**Payak**- binubuo ng salitang ugat
**Hal.** pula, galit kulot

**Maylapi**- salitang - ugat at panlapi

**Apat na uri ng panlapi**

**Unlapi**- matatagpuan ang panlapi sa unahan

**Gitlapi**- ang panlapi ay matatagpuan sa gitnang bahagi ng salita.
**Hal.** lumalakas
**Hulapi**- sa hulihang bahagi ng salita ang panlapi hal, tampuhin
**Kabilaan**- ang mga panlapi ay maaring makita sa unahan at sa hulihan

**Inuulit**-pag-uulit ng salita

**A.** pag-uulit ng ganap-pag-uulit ng buong salita
**Hal**. mayamang - mayaman

**B.** Inuulit nang di ganap-pag-uulit ng isang pantig ng salita
**Hal**. mayayaman

**Tambalan**- dalawang salita na pinagsama upang makabuo ng iba o bagong kahulugan na pang-uri
**Hal.** taingang-kawali {bingi)

# Gawain

A. Basahin ang kabanata 11 Si Crisostomo Ibarra at pagkatapos ay sagutin nang pasalita ang mga tanong sa susunod na pahina.

*Halos lahat ng panauhin ay napako ang tingin sa pagdating ni Kapitan Tiago na parang inaalalayan ang isang binatang luksang-luksa ang kasuotan. Bumati si Kapitan Tiago sa lahat at humalik sa kamay ng dalawang kura na nakalimutan siyang basbasan. Namutla si Padre Damaso at nag-alis ng salamin si Padre Sibyla nang makaharap ang mga bagong dating. Masayang ipinakilala ni Kapitan Tiago ang binatang kasama na buhat sa Europa. Winika niya "Si Don Crisostomo Ibarra ay anak ng aking yumaong kaibigan na si Don Rafael Ibarra." Humanga ang mga panauhin sa binata lalo na ang teniente ng guwardiya civil-Tenyente Guevarra. Nakilala ni Ibarra si Padre Damaso at sinabing dating kura ng kanilang bayan at matalik na kaibigan ng kaniyang ama. Itinatwa ni Padre Damaso ang tinuran ng binata. Sa pangyayaring ito ay naging maagap si Tenyente Guevarra at winika "Sana ay maging mapalad kayo kaysa sa inyong ama." Malungkot na naitugon ni Ibarra na "Ang papuring iniuukol ninyo sa aking ama ay pumaparam sa lungkot na aking nadarama sa kaniyang naging kapalaran."*

*Nang mabatid ni Ibarra na walang sinomang magpakilalasa kaniya ay minabuti niyang gawin ang kaugalian sa Alemanya na ipakilala ang sarili. Una niyang nilapitan ang mga kadalagahan na walang nagsalita kaya minabuti niyang lapitan ang umpukan ng mga kabinataan na matapos ipakilala ang sarili ay isa-isa namang tumugon ang kaharap. Nakilala niya si Kapitan Tinong na taga-Tondo at siya'y inanyayahang mananghalian sa bahay nito kinabukasan. Nalugod ang binata sa paanyaya subalit magiliw na tinaggihan sa dahilang siya ay patungo kinabukasan sa San Diego.*

*Isang utusan ng Café la Campana" ang nagsabi na handa na ang hapunan. Isa-isa nang nagtungo sa hapag ang mga panauhin maliban sa mga babae, lalong-lalo na ang mga Pilipino na kailangan pang pilitin upang dumulog sa hapag-kainan.*

**Mga Tanong:**


1. Sino-sino ang mga tauhan sa binasang kabanata? Tukuyin ang salitang pang-uri na ginamit sa paglalarawan. Isulat sa isang hiwalay na papel.
2. Paano nakatulong ang mga tauhan upang maunawaan mo ang nais sabihin ng may-akda.
3. Naramdaman mo ba ang damdaming namayani sa kabanata? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Ano-anong pag-uugali ng mga Pilipino ang lumutang sa kabanata? Mahusay bang nailarawan ang mga tauhan batay sa ikinikilos? Paano nakatulong ang pang-uri sa pagpapatingkad ng kagandahan ng binasang kabanata?
5. Sang-ayon ka ba sa ginawang panggagaya ni Ibarra sa kultura ng ibang bansa? Ipaliwanag.

B. Mula sa binasang kabanata, hanapin ang mga pang-uri at itala ito sa *graphic organizer* sa ibaba.

| Payak halimbawa | Maylapi | Inuulit Luksang-luksa | Di ganap na innulit | Tambalan |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

C. Pumili lamang ng isang GAWAIN sa susunod na pahina na angkop sa iyong interes o kakayahan. Gumawa mg isang makabuluhan at masining na iskrip ng isang piling monologo ng isa sa mga tauhan ng Noli me Tangere. Gamitin ang mga pang-uri sa paglalahad.

**Gawain 1**




**DAMDAMI'T ISIPAN KO IGUHIT MO** -lumikha ng isang masining na iskrip sa pamamagitan ng pagguhit at lagyan ng monologo gamit ang mga pang-uri.

**Gawain 2**



**CHARACTER PROFILE** -gumawa ng isang masining na iskrip sa pagpapakilala ng tauhan at lapatan ng angkop na monologo gamit ang mga pang-uri.

**Gawain 3**



**KOMIKS ISTRIP** -ilahad sa masining na iskrip gamit ang lobo ng usapan gamit ang mga angkop na pang-uri.

**Pamantayan sa Pagmamarka**

Kaangkupan ng pang-uri-----------10 Pts.
Kasiningan ng Monologo------------15 Pts.
Orihinalidad------------------------- 10 Pts.
**Kabuoan--------------------------------35 Pts**.

# TANDAAN

Ang tauhan ay isa sa pinakamahalagang elemento ng isang akdang pampanitikan dahil ito ang nagbibigay ng buhay at nagpapalutang sa damdamin, isipan at layunin ng may akda. Upang lubos na mailarawan ang mga tauhan kailangang gumamit ng masining na paglalarawan o angkop na pang-uri. Dapat isaalang-alang ang mga kayarian nito gaya ng payak maylapi inuulit at tambalan upang mas mahusay ang gagawing paglalarawan. Makatutulong din ito sa pagbuo ng isang masining na monologo ng tauhan. Tandaan na kailangang gamitin ang unang panauhan ng panghalip gaya ng **ako** at **akin** sa paggawa ng isang masining na monologo dahil ito ay isang paraan ng pasalita o pagpapahayag ng isang tao upang masabi ang kaniyang saloobin o iniisip maaaring sa sarili o sa ibang tao.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Batid ko na may natutuhan ka na sa aralin. Ngayon naman ay gumawa ka ng sarili mong monologo gamit ang mga angkop na pang-uri. Tiyaking nagagamit mo ang unang panauhan ng panghalip.

Nilalaman ng monologo

Pangalan Tirahan
Pangarap sa Buhay
Paniniwala/Kasabihan

**Pamantayan sa Pagmamarka**

Nilalaman--------------------------------10 Pts.
Kaangkupan ng pang-uri-------------- 10 Pts.
Kasiningan-------------------------------10 Pts.
**Kabuoan-------------------------------- 30 Pts.**

## Pangwakas na Pagsusulit

Oras na upang mapatunayan na taglay mo na ang kasanayan sa aralin.

A. Tukuyin ang tauhang nagpahayag nito at punuan ang patlang ng angkop na pang-uri upang mailarawan nang masining ang tauhan.

1. "Si Don Crisostomo Ibarra ay anak ng aking yumaong________kaibigan na si Don Rafael Ibarra"
2. "Sana'y kayo'y mapalad kaysa inyong______ama".

| Tauhan | Pang-uri |
|---|---|
| 1 | (kaibigan) |
| 2 | (ama) |

B. Iwasto ang pangungusap batay sa diwang ipinapahayag. Isulat ang **T** sa patlang kung walang dapat baguhin. Salungguhitan ang nagpamali dito at itama ito sa pamamagitan ng pagpili ng mga salitang nasa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| kaaya-aya | magarbo | tensyon | napapabuti | |
| Aleman | totoo | tauhan | magaspang | magalang |

_____ 3. Tunay na gula-gulanit ang kasuotan ng mga nagsipagdalo sa hapunan.
_____ 4. Kapansin-pansin ang pagiging maginoo ni Padre Damaso.
_____ 5. Si Tenyente Guevarra ang pumaram sa kagalakan ng lahat
_____ 6. Tumpak na maging bastos sa lahat ng pagkakataon.
_____ 7. Napapariwara ang mga kabataang nagtutungo sa ibang bansa.
_____ 8. Ang kaugaliang ipinamalas ni Ibarra ay natutuhan sa Europa.
_____ 9. Ang Tauhan ay hindi mahalaga bilang bahagi ng nobela.
_____10. Naiparating ng mambabasa ang ganda, damdamin at saloobin ng may akda sa pamamgitan ng pagkilos sa papel na ginagampanan.

C. Punan ang tamang kayarian ng pang-uri ang mga salitang nakasulat sa *graphic organizer.*

| Payak | Maylapi | Inuulit | Tambalan |
|---|---|---|---|
| ganda | maganda | 11. | gandang Pilipina |
| 12. | dalaginding | dalagang -dalaga | 13. |
| bata | 14. | 15. | batang- isip |

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok A:**

1. tsek
2.tsek
3. tsek
4. tsek
5. tsek

**Unang Pagsubok B:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. Crisostomo Ibarra | 6. Donya Victorina | 11. Pia Alba |
| 2. Sisa | 7. Padre Salvi | 12. Pilosopo Tasyo |
| 3. Maria Clara | 8. Tenyente Guevarra | 13. Basilio |
| 4. Padre Damaso | 9. Don Tiburcio | 14. Crispin |
| 5. Elias | 10. Kapitan Tiago | 15. mag-aaral |

**Pangwakas na Pagsusulit A:**

1. Kapitan Tiago (kaibigan) marangal
2. Tenyente Guevarra(ama) uliran
3. gula-gulanit (kaaya-aya)
4. magino (magaspang)
5. kagalakan (tension)

| | |
|---|---|
| 6. kagalakan-tensyon | 11. magandang -maganda |
| 7. napapriwara—napapabuti | 12. dalaga |
| 8. Europa—Aleman | 13. dalagang-Pilipina |
| 9. hindi—totoo | 14. kabataan |
| 10. mambabasa—tauhan | 15. batang-bata |

# Sanggunian

Noli Me Tangere ni Dr. jose p. Rizal Isang Napapnahong Pagsasalaysay
Isinulat nina: Josefina P. Buenaobra at Leosa C. Taladro